
8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Pagbabagong Naganap sa Europa sa Gitnang Panahon




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP-8_Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module – Self – Learning Modules**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Pagbabagong Naganap sa Europa sa Gitnang Panahon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Maria Vanessa J. Resullar, Emely B. Pactorayan |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Alfe S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, Renato L. Latorre, John M. Anino, Jirc Nadia S. Bargado Larry G. Morandante, Carlos C. Catalan, Jr., Fernando A. Dones, Jr. |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Joel P. Plaza, Leowenmar A. Corvera, Honorato D. Mendoza, Edwin G. Capon, Edwin C. Salazar, Fatima D. Notarte, Marina B. Sanguenza |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | Paul Andrew A. Tremedal, Aldrin V. Ubas, Marvin D. Barrientos |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr., Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares, Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Venus M. Alboruto, Noemi D. Lim, Laarni C. Micayas |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ___________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Pagbabagong Naganap sa Europa sa Gitnang Panahon

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang mga anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsasagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-unlad ng Europa sa Gitnang Panahon na nagdulot ng pagbabago sa sistema ng politika, ekonomiya at sosyo-kultural na mga aspeto ng lipunan.

Ang kaalaman mo sa mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-unlad ng Europa sa Gitnang Panahon ay hakbang upang iyong makilala at mapahalagahan ang mga naging kontribusyon nito sa paghubog ng kasalukuyang lipunan.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus tungkol sa **Mga Pagbabagong Naganap sa Europa sa Gitnang Panahon** na nahahati sa sumusunod na paksa:

Paksa 1- Politika (Piyudalismo, *Holy Roman Empire*)
Paksa 2- Ekonomiya (Manoryalismo)
Paksa 3- Sosyo-kultural (Paglakas ng Simbahang Katoliko, Krusada)

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mga mag-aaral ay naipapamalas ang pag-unawa sa kontribusyon ng mga pangyayari sa Klasiko at Transisyunal na Panahon sa pagkabuo at pagkahubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa at rehiyon sa daigdig.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong ng pangangalaga at pagpapahalaga sa mga natatanging kontribusyon ng klasiko at Transisyunal na Panahon na nagkaroon ng malaking impluwensya sa pamumuhay ng tao sa kasalukuyan.

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**


Nasusuri ang mga pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon:

- Politika (Piyudalismo, Holy Roman Empire)
- Ekonomiya (Manoryalismo)
- Sosyo-kultural (Paglakas ng Simbahang Katoliko, Krusada)

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nakapagsusuri sa mga pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon
  - ✓ Politika (Piyudalismo, Holy Roman Empire);
- nakapagsusuri sa mga pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon
  - ✓ Ekonomiya (Manoryalismo); at
- nakapagsusuri sa mga pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon
  - ✓ Sosyo-kultural (Paglakas ng Simbahang Katoliko, Krusada).

Bago mo tuluyang pag-aralan ang modyul, subukin mo muna ang sumusunod upang malaman ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa paksa. Bigyang-pansin ang mga katanungan na hindi mo masasagutan nang wasto at alamin ang sagot sa mga aralin sa modyul. Handa ka na ba?



## *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Sinong emperador ang nagpatupad ng Edict of Milan na nagpahinto sa pag-uusig sa mga Kristiyano at nagbigay pahintulot sa Kristiyanismo at iba pang relihiyon sa Imperyong Roman?
   A. Charlemagne C. Justinian I
   B. Constantine I D. Theodosius I

2. Sino ang kinilalang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katoliko sa Gitnang Panahon?
   A. Kardinal C. Papa
   B. Hari D. Pari

3. Kung ang *diocese* ay pinamumunuan ng Obispo, sino naman ang namamahala sa parokya?
   A. Arsobispo C. Kura Paroko
   B. Kardinal D. Papa

4. Sino ang kauna-unahang naging emperador ng Imperyong Roman na hinirang ni Papa Leo III noong 800 CE?
   A. Charlemagne C. Clovis
   B. Charles Martel D. Pepin the Short

5. Ano ang pangunahing hangarin ng ekspedisyong militar na inilunsad ng mga Kristiyano sa Europa na kung tawagin ay krusada?
   A. Mapalawak ang teritoryo ng mga Kristiyano.
   B. Mapalakas ang kalakalan ng mga bansang Europeo.
   C. Mabawi sa kamay ng mga Turkong Muslim ang Jerusalem.
   D. Mapalawak ang kapangyarihan ng Simbahang Katoliko sa teritoryo ng mga Muslim.

6. Anong krusada ang tinaguriang "Krusada ng mga Hari" na pinamunuan ng mga hari ng Banal na Imperyong Roman, France at England?
   A. Unang Krusada C. Ikatlong Krusada
   B. Ikalawang Krusada D. Ikaapat na Krusada

7. Saan nakabatay ang Sistemang Manor?
   A. Pagbebenta C. Pangingisda
   B. Pangangalakal D. Pagsasaka

8. Ano ang tawag sa lupang ipinagkakaloob ng hari sa kanyang *vassal*?
   A. *dowry* C. *homage*
   B. *fief* D. *manor*

9. Ano ang dahilan sa pag-iral ng Sistemang Piyudalismo sa Europa noong Gitnang Panahon?
   A. pagsalakay ng mga barbaro
   B. pagbagsak ng Imperyong Roman
   C. paglakas ng Simbahang Katoliko
   D. paghina ng Banal na Imperyong Roman

10. Alin ang naglalarawan sa mga *serf*?
   A. Kinilala sila bilang natatanging sektor sa lipunan.
   B. Sila ang bumubuo sa masa ng tao noong Gitnang Panahon.
   C. Napaunlad nila nang malaya ang kanilang pamumuhay at pamilya.
   D. Mayroon silang karapatan at kalayaang bumuo ng sariling pamilya.

11. Alin ang hindi kabilang sa mga dahilan ng paglakas ng Kapapahan sa Europa noong Gitnang Panahon?
   A. pagbagsak ng Imperyong Roman
   B. paglakas ng Banal na Imperyong Roman
   C. pagkatatag ng mga monasteryo at orden
   D. pagkabuo ng isang matatag at mabisang organisasyon ng simbahan

12. Anong sistemang pang-ekonomiya ang umiral noong Gitnang Panahon sa Europa?
   A. Kapitalismo C. Manoryalismo
   B. Komunismo D. Merkantilismo

13. Sinong Papa (Pope) ang nag-alis ng kapangyarihan sa mga hari na magtalaga ng mga opisyal ng simbahan tulad ng Obispo?
   A. Gregory I C. Leo I
   B. Gregory VII D. Urban I

14. Sino ang pinakamataas na namumuno sa isang monasteryo?
   A. *Abbot* C. *Patriarch*
   B. *Archbishop* D. *Pope*


15. Anong institusyon ang bukod tanging hindi pinakialaman ng mga barbaro sa kanilang pagwasak sa Imperyong Roman?
   A. Manoryalismo C. Piyudalismo
   B. Pamahalaan D. Simbahan



# *Balikan*

**Gawain 1:** ***Crossword Puzzle***

**Panuto:** Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pag-usbong at pag-unlad ng mga Klasikong Kabihasnan sa America, Africa, at mga Pulo sa Pacific. Sariwain ang mga mahalagang konseptong natutuhan tungkol sa paksang ito sa pamamagitan ng pagsagot sa crossword puzzle na nasa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.




Pahalang:
1. *floating garden*
3. kaharian sa Silangang Africa
5. nangangahulugang bisa o lakas
8. isang nagmula sa Aztlan
9. unang hari ng Imperyong Songhai

Pababa:
2. sentro ng kalakalan at kultura ng Imperyong Mali
4. nangangahulugang maraming isla
6. nagpatayo ng Sankore Mosque
7. nangangahulugang imperyo
10. tagapagmana ng Ghana

Nagtagumpay ka bang masagutan ng tama ang crossword puzzle? Mapalad ka kung ganoon dahil nagpapatunay lamang ito na naunawaan mo ang nakaraang paksa at handa ka nang tuklasin ang susunod na aralin.

## *Tuklasin*

**Gawain 2: Tula-Suri**

**Panuto:** Basahin at unawain ang tula. Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong sa sagutang papel.

**Panahong Medieval**

ni: Maria Vanessa J. Resullar

Barbarong Goth ay lumusob
Imperyong Roman ay pinataob
Mga bayan ay sinalakay
Maraming buhay ang nawalan ng saysay
Mga Europeong takot
Simbahan ang naging sagot
Institusyong pag-asa ang alay
Sa mga taong lublob sa buhay.

Banal na Imperyong Roman
Bumuhay sa imperyo sa kanluran
Unang nanungkulan mula sa Dinastiyang Carolingian
Charlemagne ang kaniyang ngalan
Na kinoronahan ng Papa ng Simbahan
Ngunit sa kaniyang kamatayan
Humalili sa trono'y di nakayanan pananalakay ng kalaban
Dulot ay paghina ng Banal na Imperyong Roman.

Mga mamamayan ay nabagabag
Sistemang Piyudalismo't Manoryalismo ay naitatag
Mga kabalyero'y nakipaglaban sa mga kaaway
Upang maging ligtas at maayos ang buhay.
Sila rin ay nakidigma sa mga Muslim
Upang bawiin ang Banal na Lupain.

1. Ano ang ipinapahiwatig ng tula?
2. Ano-anong mahahalagang pangyayari ang nabanggit sa tula?
3. Alin sa mga pangyayaring ito ang maaaring maiugnay mo sa kasalukuyang panahon?

Maayos mo bang nasagutan ang mga tanong? Kung oo, magaling! Natitiyak kong nais mong malaman ang mga detalye at iba pang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa Gitnang Panahon. Halina't suriin sa pamamagitan ng modyul na ito ang mga pagbabagong naganap sa Europa noong Gitnang Panahon.



# *Suriin*

## MGA PAGBABAGONG NAGANAP SA EUROPA SA GITNANG PANAHON

Ang Gitnang Panahon o *Middle Ages* ay tumutukoy sa 900 taong yugto sa kasaysayan mula sa pagbagsak ng Kanlurang Imperyong Roman noong ika-5 siglo hanggang sa pagsisimula ng makabagong panahon pagdating ng ika-14 na siglo.

Nahahati ito sa dalawang bahagi: una, ang *Early Middle Ages* o Unang Yugto ng Gitnang Panahon na mas kilala bilang *Dark Ages* o Panahon ng Kadiliman (ika-5 hanggang ika-10 siglo), dahil puno ito ng kaguluhan at pagkasira; pangalawa, ang *Later Middle Ages* o Huling Yugto ng Gitnang Panahon (mula ika-11 hanggang ika-14 na siglo), kung saan ito ang panahon ng pagsulong tungkol sa mas mataas na antas ng kabihasnan.

Maaaring uriin sa aspetong politika, ekonomiya, at sosyo-kultural ang mga pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon.

### POLITIKA

Ang pagbagsak ng Imperyong Roman sa Kanluran ay nagdulot ng matinding pagbabago sa takbo ng politika sa Europa. Umiral ang Piyudalismo at nakilala ang Banal na Imperyong Roman bilang kapalit ng naunang imperyo.

### Pagbagsak ng Kanlurang Imperyong Roman

Ang Imperyong Roman ay naghari sa malaking bahagi ng mundo na bumabagtas mula Europe, Gitnang Silangan, at Hilagang bahagi ng Africa sa loob ng higit 500 taon. Bumagsak ang Kanlurang Imperyong Roman noong 476 AD nang mapaslang ang huling emperador na si Romulus Augustus sa isang labanan. Tuluyang napabagsak ng mga Ostrogoth ang Rome sa pamumuno ni Odoacer na itinanghal ang sarili bilang "Hari ng Italy".

Ilan sa mga dahilan ng pagbagsak ng imperyo ay:

1. Pulitikal
    - Kalimitan sa pamahalaan ng imperyo ay tiwali, hindi maaasahan, at hindi nila makuha ang tiwala ng taongbayan.
    - Dahil sa laki at lawak ng imperyo, hindi naaabot ang mga iba pang mga sentrong lungsod dahil na rin sa sinaunang sistema ng transportasyon at komunikasyon.
    - Ang tunggalian sa kung sino ang papalit sa trono ay kalimitang nagdudulot ng mapaminsalang digmaang sibil.

2. Ekonomiya
    - Ang mga maliliit na magsasaka ay iniwan ang kanilang mga lupain upang manilbihan sa mga malalaking lupain.
    - Dahil sa kakayahan ng mga malalaking lupain na ibigay ang pangangailangan ng lahat ng taong naninirahan at nagtatrabaho dito, nakasagabal ito sa kalakalan at industriya kung kaya't nagdulot ng pagbaba ng ekonomiya ng imperyo.
    - Ang mabibigat na buwis na ipinataw sa mga tao, kalimitan ay hindi makatuwiran.
    - Malawakang paggamit ng mga alipin sa mga industriya at agrikultura na nagdulot ng pagkawala ng trabaho ng malaking bilang ng mga *plebeian*.

3. Panlipunan
    - Ang mabuhay at makatikim ng luho ang kalimitang interes ng mga Roman. Bumagsak din ang moralidad ng mga tao.
    - Pagkakaroon ng malaking agwat sa paghahati ng tao sa lipunan. Ang mga *patrician* ay mayayaman at nakapag-aral, samantala, ang mga plebeian ay mahihirap at walang alam.
    - Kung dati, ang mga lungsod ay sentro ng kultura at industriya, bumaba ang populasyon nito dahil sa paglipat ng mga tao sa kanayunan.

4. Militar
    - Napasok ng mga bayarang tao (Germanic mercenaries) ang hukbo ng Rome kung kaya't naging kaduda-duda ang kanilang katapatan.
    - Mas ninanais ng mga hukbo na panigan ang emperador at magpasiya sa mga patakaran ng pamahalaan.

## Pagsilang ng Holy Roman Empire

Sinasabing bumagsak ang Kanlurang Imperyong Roman dahil sa mga barbaro na sumalakay at nagwasak sa kanilang kabihasnan. Ngunit, masasabi rin na ang pagsisimula ng tinawag na Holy Roman Empire ay nagmula sa kamay ng mga Franks, pangkat ng mga barbaro na lumusob sa Gaul (ngayon ay France).

Taong 486 nang sinalakay ng mga Franks, sa pamumuno ni Clovis ang pwersang Roman sa Gaul. Matapos nito, itinatag niya ang kaharian ng mga Franks sa ilalim ng Dinastiyang Merovingian. Nagmula ang pangalang ito kay Merovius, ang ninuno ng mga *Salian Frank*. Nagpabinyag si Clovis ayon na rin sa kahilingan ng kanyang asawa na si Clotilde sa Rheims noong pasko ng 496 AD kasama ang kanyang 3,000 hukbo.


Nang mamatay si Clovis, ang mga sumunod na hari sa kaniya ay tinawag na "mga tamad" na hari. Ang tunay na kapangyarihan ay nasa kamay ng mga maharlika na kung tawagin ay *Mayor of the Palace* o katumbas ng Punong Ministro.

Sa pagkamatay ni Dagobert, ang huling hari ng Dinastiyang Merovingian, noong 638, ay pinalitan ng Dinastiyang Carolingian. Si Charles Martel ang kauna-unahang Carolingian na naging Mayor of the Palace at tagapayo ni Haring Dagobert. Nakilala siya sa kasaysayan nang nagapi niya ang mga Moro sa Labanan sa Tours noong 732. Ito ang pagtatapos ng presensya ng mga Muslim sa Europe noong panahon na iyon.

Ang kauna-unahang haring Carolingian ay ang anak ni Charles Martel na si Pepin III. Dahil sa pahintulot ni Papa Stephen II at sa suporta na rin ng mga maharlikang Frank, tinanghal siya bilang "Hari ng mga Frank" noong 751. Bilang pasasalamat, tinulungan ni Pepin na mapalayas ang mga Lombard sa Gitnang Italy at ibinigay ang lupain sa papa. Tinawag ito sa kasaysayan bilang "Donasyon ni Pepin" na siyang nagbigay ng kapangyarihang pulitikal sa Simbahang Katoliko sa pagkontrol sa Gitnang Italy. Sa loob ng higit isang libong taon, pinamahalaan ito ng Simbahan at tinawag na *Papal States*.

Pumalit si Charlemagne sa kanyang ama, bilang hari noong 768. Inanyayahan niya ang iba't ibang iskolar sa Europa upang turuan at sanayin ang mga pari at opisyal ng pamahalaan. Sinakop niya ang Lombard, Muslim, Bavarian at Saxon, at ginawang mga Kristiyano. Kinoronahan siya ni Papa Leo III habang nagdadasal sa altar ng Simbahan ni San Pedro noong pasko ng taong 800 at ipiniroklama bilang "emperador ng mga Roman". Ang Imperyong Carolingian ay ang bagong imperyo na kinilala sa kanlurang Europa bilang tagapagmana ng Imperyong Roman ng mga Caesar.

Sa pagkawala ni Charlemagne noong 814 matapos ang kanyang 46 na taong paghahari, nahati sa tatlo ang imperyo ayon sa Kasunduan sa Verdun noong 843 para sa kaniyang mga apo.



Noong 962, kinoronahan ni Papa John XII si Otto I, pinuno mula sa Gitnang Europa, bilang emperador at ito ang naging simula ng Holy Roman Empire. Sa kabila ng proklamasyon na ginawa, tanging sa pangalan lamang ang imperyo na tumagal higit walong siglo (mula 962 hanggang 1806).

Ang pagkokorona ng papa sa mga hari o emperador ay nangangahulugan na ang Simbahan noong Gitnang Panahon ay nagpapakita na maaari nilang ideklara o patalsikin ang sino mang hari o emperador. Ipinapakita din nito na ang mga papa ay higit na makapangyarihan sa mga pinunong sibil, kasama na ang mga hari at emperador. Ang mga pahayag na ito ay nagdulot ng maraming sigalot sa pagitan ng Simbahan at mga estado sa loob ng maraming panahon.

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang dahilan ng pagbagsak ng Imperyong Roman?
2. Bakit sinasabing ang pagbagsak ng Imperyong Roman ay isa sa mga dahilan ng paglakas ng Simbahang Katoliko?
3. Bakit ang Imperyong Carolingian ang kinilala bilang tagapagmana ng Imperyong Roman?

**Piyudalismo**

Nabalot muli ng kaguluhan ang Europe matapos ang pagbagsak ng imperyo ni Charlemagne. Sa panahong ito, isinilang ang Piyudalismo. Nagmula ito sa salitang Latin na *feudum*, ibig sabihin ay pagbibigay ng lupain o fief sa mga nasasakupan. Ayon sa pag-aaral (Gordon 1979), tatlo ang maaaring maging pagtingin sa sistemang ito:

Piyudalismo

- *Sistemang Panlipunan* na mayroong mahigpit na pag-uuri sa mga tao at hindi nagbabagong paraan ng pamumuhay
- *Sistemang Pulitikal* ng lokal na pamahalaan at tanggulang militar
- *Sistemang Pang-ekonomiya* ng mga may sariling kakayahang agrikultural na mga *manor*


Subalit, pakatatandaan na nag-iiba-iba ang paglalarawan sa piyudalismo depende sa kalagayang rehiyonal.

May mga dahilan kung bakit umusbong ang ganitong sistema:

| Mahinang Pamahalaang Sentral |
| --- |
| • Hindi nagampanan ng mga pamahalaang sentral na mabigyan ng proteksyon ang kaniyang nasasakupan sa mga pananakop at lokal na kaguluhan. Ang mga maliliit na magsasaka ay isinuko ang kanilang mga lupain sa mga makapangyarihang maharlika kapalit ang pangakong magbibigay ito sa kanila ng proteksyon. |
| **Patakaran sa Lupa ng mga Hari** |
| • Bilang kapalit sa pagbibigay ng tulong militar, ang mga hari ay nagbibigay ng mga lupain sa mga mahahalagang maharlika. Sa pangyayaring ito, lalong lumakas ang kapangyarihan ng mga maharlika. |


**Lipunang Piyudal**

Ang lipunang piyudal ay hindi kaiba sa mga lipunang umiral noong unang panahon. Nahahati ito sa dalawang pangkat:




Ang katayuan sa lipunang ito ay natutukoy sa kapanganakan ng isang tao. Kahit anong abilidad o sipag sa pagtatrabaho ay hindi mababago ng isang serf ang kanyang katayuan sa lipunan. Sila ang bumubuo sa masa noong Gitnang Panahon.

Maaaring ihalintulad sa isang tatsulok ang bumubuo sa isang lipunang piyudal:



**Pamahalaang Piyudal**

Masasabing mahina ang Pamahalaang Sentral sa lipunang piyudal. Ang hari ang namamahala sa buong kaharian, subalit hindi nito magawang ipatupad ang kaniyang kapangyarihan. Isa lamang siya sa maraming makapangyarihang panginoon.

Pagdating naman sa lokal na pamahalaan, maituturing na masigla ang pamumuno dito. Ang mga maharlika ang gumagawa ng mga batas, nagpapataw ng buwis, naggagawad ng hustisya at nagdedeklara ng pakikidigma.

Sa panahon ng digmaan, ang mga makapangyarihang panginoon ay hinihingi ang paglilingkod ng mga vassal upang bumuo ng isang hukbo.

Makikita sa lupain ng panginoon ang isang kastilyo. Tumatayo ito bilang moog o kuta dahil ito ay nakatayo sa mataas na lugar, binubuo ito ng mga matitigas na kahoy o makakapal na bato at napapaligiran ng malalim na trinserya o *moat*. Mayroon din itong tulay na maaaring itaas kapag may pagsalakay na nagaganap.

Kapag payapa naman ang panahon, nangangaso ang mga panginoon at nagsasagawa ng mga kunwa-kunwaring labanan o *joust*, mga paligsahan at pagsasanay sa mga kabataang lalaki na nagnanais maging kabalyero.

Ang isang kabataang maharlika ay pinag-aaral sa isang paaralang pang-militar upang sanayin sa pagsusuot ng kalasag (armor), paghawak ng espada, sibat (lance) at palakol. Pagsapit ng 21 taong gulang, siya ay isang mandirigmang nakasakay sa kabayo o kabalyero (knight). Ang bawat kabalyero ay inaasahang tutuparin ang mga alituntunin ng marangal na pag-uugali o *chivalry*. Sa kasamaang-palad, hindi ito natutupad.


**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang piyudalismo?
2. Paano umusbong ang sistemang ito?

**EKONOMIYA**

Ang manoryalismo ang umiiral na sistemang pang-ekonomiya noong Gitnang Panahon. Halos lahat ng mga kalakal at serbisyo na kailangan ng tao ay ginawa sa mga lupain o *manor* ng mga maharlika o makapangyarihang panginoon. Nabuo ang sistemang manoryal sa panahong ang mga bayan sa Europa ay kakaunti at maliliit pa. Dahil nahinto ang kalakalan sa iba't ibang bahagi ng Imperyong Roman, ang malaking bahagi ng populasyon ng Kanlurang Europa ay umaasa sa mga manor ng maharlika.

Ang isang *manor* ay binubuo ng:




Karaniwang may kakayahang makapagsarili ang mga manor lalo't pagdating sa pakikipagkalakalan. Ang pagsasaka sa manor ang ikinabubuhay ng mga naninirahan dito. Sila ay nagtatanim at nag-aalaga ng mga hayop upang maging pagkain, nangangala ng balahibo ng tupa (wool) upang gawing damit, nagkukulti ng mga balat upang maging sapatos, at nangunguha ng troso upang gawing kasangkapan sa bahay at sa mga gusali.

Subalit ilan sa mga mahahalagang sangkap tulad ng asin na siyang ginagamit upang mapreserba ang mga pagkain at pampalasa, at ang bakal na siyang kailangan para sa paggawa ng mga kasangkapan at sandata ay kinukuha pa sa ibang lugar.

Nakasalalay sa manor kung ano ang mga gagawin at ang mga serf naman ang magsasagawa nito.

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang nagbigay daan sa pagkakalunsad ng sistemang manoryalismo sa Europa?
2. Paano mo mailalarawan ang lipunan sa ilalim ng sistemang manoryalismo?
3. Gaano kahalaga ang pagsasaka sa pagpapanatili ng kaayusan sa loob ng manor?
4. Bakit mahalaga ang pagsasaka o agrikultura sa pagtataguyod ng bansa sa kasalukuyan?

**SOSYO-KULTURAL**

Sa aspetong sosyo-kultural, ang paglakas ng Simbahang Katoliko at paglulunsad ng krusada ang mga pangyayaring naganap sa Europa noong Gitnang Panahon.

## Paglakas ng Simbahang Katoliko

Matapos ang hindi mabilang na pag-uusig sa mga sinaunang Kristiyano, dumating din ang panahon na malaya nilang isabuhay ang kanilang pananampalataya.

Nagsimula kay Constantine the Great (306-337 AD) nang ipatupad niya ang Edict of Milan na nagpapahinto sa pag-uusig sa mga Kristiyano at nagbigay pahintulot sa Kristiyanismo at iba pang relihiyon sa Imperyong Roman noong 313 AD. Ito ay dahil sa pangitaing krus na nakita niya sa kalangitan bago sila nakipaglaban sa Tulay ng Milvian noong 312 AD.

Samantala, ipinagbawal ni Theodosius I (379-395 AD) ang lahat ng mga paganong relihiyon at ginawang opisyal na relihiyon ng imperyo ang Kristiyanismo. Pinalakas niya ang kapapahan (papacy) sa pamamagitan ng First Council at Constantinople kung saan napili ang Rome bilang pangunahing Diocese at ang Obispo ng Rome ang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Romano Katoliko. Pangalawa lamang dito ang Constantinople.

Napagtagumpayan din ng simbahan ang ilang mga kontrobersya o *heresy* patungkol sa ilang mga turo nito. Ang heresy ay mga doktrinang pangrelihiyon na taliwas sa mga turo ng simbahan. Isa na diyan ang Arianism na kung saan itinuturo ni Arius na si Kristo, kahit na Anak ng Diyos ay hindi ganap ang kanyang kabanalan katulad ng sa Diyos Ama. Ipinatawag ang First Ecumenical Council at Nicaea noong 325 AD upang ayusin ang sigalot at ginamit ang "Nicene Creed" na nagpapatunay sa kabanalan ni Kristo. Gayundin ang Nestorianism na sinasabi ni Nestorius, isang Mongheng Syrian at Patriarch ng Constantinople na si Hesus ay may dalawang katangian – tao at banal. Sinabi rin niya na si Maria ay tao kung kaya't hindi siya maaaring maging Ina ng Diyos. Ipinatigil ng Third Ecumenical Council at Ephesus ang kontrobersyang ito noong 431 AD.

Panghuli ang Monophysitism na nagsasabi na iisa lamang ang katangian ni Kristo – pagiging banal. Pinagtibay ito sa hindi opisyal na *ecumenical council* sa Ephesus noong 449 at idineklarang heresy ni Papa Leo I. Ang Fourth Ecumenical Council at Chalcedon noong 451 ang nagdeklara na ito ay hindi katanggap-tanggap.

Dahil sa mga pangyayaring ito, lalong lumaganap ang Kristiyanismo hindi lamang sa nasasakupan ng Imperyong Roman kundi pati sa Scandinavia, dulong bahagi ng Asya, at Silangang Africa.

Ang Kanlurang Europa ay pinamunuan ng Roman Catholic Church kung saan ang sentro nito ay sa Rome. Ilan sa mga tagumpay nito ang pagbibinyag kay Clovis at sa mga Frank, ang mga Irish (sa pamumuno ni St. Patrick), at ang mga Anglo at Saxon sa England (sa pamumuno ni St. Augustine ng Canterbury).

Sa Silangang Europa naman nakilala ang Greek Orthodox Church na ang sentro ay nasa Constantinople. Sila ang nakahikayat sa mga Serb, Bulgar, at Russian na maging Kristiyano.

**Pagkakahati ng Simbahang Kristiyano**

Sa unang bahagi ng panahon ng mga Kristiyano, nagkaroon ng tunggalian ang Rome at Constantinople para sa kapangyarihan sa relihiyon. Ang Papa o Obispo ng Rome ay inangkin ang kataas-taasang kapangyarihan sa buong simbahan. Samantala, ang Patriarch o Obispo ng Constantinople ay iginiit nito ang kanyang kapangyarihan sa mga usapin ng simbahan sa Silangan. Maliban dito, mayroon din silang magkaibang wika na ginagamit, paniniwala, at mga ritwal. Dahil sa hindi naayos ang kanilang hindi pagkakaunawaan, nahati ang Simbahang Kristiyano noong 1054. Ang Roman Catholic Church na ang sentro ay sa Rome at ang Greek Orthodox Church na ang sentro ay nasa Constantinople.

| **Roman Catholic Church** | **Greek Orthodox** |
| --- | --- |
| Catholic - *universal* | Orthodox - mga tinanggap o tradisyunal na naitatag na pananampalataya, lalo na sa relihiyon |
| Rome | Constantinople |
| Bible | Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) |
| Latin | Greek |
| Pope (Papa) | Patriarch (Patriyarka) |
| Tatlong katawagan sa pagbibigay-galang: *Latria* (para lamang sa Diyos), *Hyperdulia* (para kay Maria), at *Dulia* (para sa mga santo) | *Iconoclastic* o hindi naniniwala sa pagbibigay-galang sa mga imahen ni Kristo, Maria, at iba pang mga santo |
| Ang mga pari ay hindi maaaring mag-asawa | Pinapayagang makapag-asawa ang mga pari |

**Paglakas ng Kapapahan (Papacy)**

Matapos bumagsak ang Rome, ang Obispo ng Rome ay naging makapangyarihang pinuno at pinaniniwalaang sila ang humalili sa mga Caesar ng Rome. Ang kapangyarihang ito ay mas kilala sa katawagang Kapapahan (Papacy).

Dalawa ang pinagbabatayan ng kapangyarihang ito: una, ang kapangyarihan ng Papa na minana mula kay San Pedro Apostol, ang unang Obispo ng Rome na ayon sa Doktrinang Petrine; pangalawa, ang lungsod ng Rome, kahit matapos ang pagbagsak ng Kanlurang Imperyong Roman ay nananatiling sentro ng Kristiyanismo.

Ang Kapapahan (Papacy) ay ang tanggapan at ang nakasaklaw sa Obispo ng Rome. Ang papa (mula sa salitang Latin na *papa* na ibig sabihin ay “ama”) ang namumuno sa Simbahang Romano Katoliko. Ang katagang pope ay orihinal na tumutukoy sa lahat ng mga Obispo sa Kanluran at sa patriarch ng Alexandria. Subalit noong 1073, nilimitahan ni Papa Gregory VII ang paggamit nito at ginawa para lamang sa Obispo ng Rome.

Mahahati ang kasaysayan ng Kapapahan sa limang mahahalagang yugto:

1. Sinaunang Kapapahan - Mula kay San Pedro Apostol hanggang kay Pelagius II (590).
2. Kapapahan sa Gitnang Panahon – Mula kay Gregory I hanggang kay Boniface VIII (590-1303).
3. Kapapahan sa Panahon ng *Renaissance* at *Reformation* – Mula kay Benedict XI hanggang kay Pius IV (1303-1565).
4. Unang Bahagi ng Makabagong Panahon – Mula kay Pius V hanggang kay Clement XIV (1566-1774).
5. Kapapahan sa Makabagong Panahon – Mula kay Pius VI hanggang sa kasalukuyan (1775 – kasalukuyan).



Nakatulong sa pagpapalakas ng pundasyon ng Simbahang Katoliko Romano at Kapapahan ang maraming mga naging pinuno nito. Ilan lamang sa kanila ay ang sumusunod.



**Papa Leo the Great (440-461)**

Mula sa: https://en.wikipedia.org/wiki/Pope_Leo_I#/media/File:Herrera_mozo_San_Le%C3%B3n_magno_Lienzo._%C3%93valo._164_x_105_cm._Museo_del_Prado.png

Iginiit niya ang Petrine Doctrine, ang doktrinang nagsasaad na ang Obispo ng Rome, bilang tagapagmana ni San Pedro, ang tunay na pinuno ng Kristiyanismo. Sa kaniyang mungkahi, naglabas ng kautusan si Emperador Valentinian III na kilalanin ang kapangyarihan ng Obispo ng Rome bilang pinakamataas na pinuno ng Simbahan. Pagkaraan ng ilang daang taon, ibinigay ang pangalang Papa sa Obispo ng Rome. Simula sa panunungkulan ni Papa Leo I, kinilala ang kapangyarihan ng Papa sa lahat ng mga Kristiyano sa Kanlurang Europa. Samantala, ang Simbahang Katoliko sa Silangang Europa ay tumanggi na kilalanin ang Papa bilang pinakamataas na pinuno ng Kristiyanismo hanggang sa kasalukuyan.

| | |
|---|---|
| <br>**Papa Gelasius I (492-496)**<br>Mula sa: https://alchetron.com/cdn/pope-gelasius-i-166d994a-444b-4c0f-951f-8dc84a46b72-resize-750.jpeg | Siya ang nagbigay-diin sa ugnayan sa pagitan ni San Pedro at ang tanggapan ng Obispo ng Rome. Siya ang kauna-unahang papa na tinawag bilang "*vicar of Christ*". |
| <br>**Papa Gregory the Great (590-604)**<br>Mula sa: https://eu.wikipedia.org/wiki/Fitxategi:Francisco_de_Zurbar%C3%A1n_040.jpg | Ang nagtatag ng Kapapahan o Papacy ay si Papa Gregory I (St. Gregory the Great). Noong 590, napili siya ng mga kaparian bilang bagong Papa. Sa kaniyang pamumuno sa Simbahan, patuloy ang pagsalakay ng mga barbarong Lombards. Ginawa niya ang kanyang makakaya upang makipagkasundo sa mga ito na hindi na muling salakayin ang lungsod.<br><br>Nakamit ni Papa Gregory I ang tugatog ng tagumpay nang magawa niyang sumampalataya ang iba't ibang mga barbarong tribo at mapalaganap sa malalayong lugar sa Kanlurang Europa ang Kristiyanismo.<br><br>Nagpadala siya ng isang misyon sa England na kilala bilang *Gregorian Mission* sa pangunguna ni Augustine ng Canterbury upang sumampalataya sa Kristiyanismo ang mga paganong Anglo-Saxons. Ito'y naging matagumpay hanggang sa lumaganap sa Ireland, Scotland, at Germany. |
| <br>**Papa Nicholas II (1059-1061)**<br>Mula sa: https://en.wikisource.org/wiki/Author:Nicholas_II | Inilabas niya ang *In Nomine Domini* o ang dikri na nagsasaad ng paghahalal ng bagong papa noong 1059. Kanyang isinaayos na magmumula sa ibinoto ng *Sacred College of Cardinals* ang bagong papa sa sandaling ito ay mamatay. |




**Papa Gregory VII (1073-1085)**

Mula sa: https://thehistoricaloracleblog.files.wordpress.com/2016/11/gregory-vii.jpg

Sa kaniyang pamumuno naganap ang labanan ng kapangyarihang eklesyastikal at sekular ukol sa *power of investiture* o ang karapatang magtalaga ng lokal na opisyal ng simbahan tulad ng Obispo at Abbot sa monasteryo.

Si Haring Henry IV ng Germany ay naniniwalang siya ay may karapatan na magtalaga ng mga Obispo ngunit ito'y mahigpit na tinutulan ni Papa Gregory VII. Ang alitang ito ay humantong sa pagpatiwalag sa hari ng simbahan na kaniyang ginantihan naman sa pamamagitan ng pagpapatalsik kay Papa Gregory VII bilang papa. Ngunit nang maramdaman ni Henry IV na kaalyansa ng Papa ang mga maharlika sa Germany, sinuong niya ang marahas na klima ng Alps upang marating ang Canossa, ang lugar kung nasaan si Papa Gregory VII, upang humingi ng kapatawaran. Tatlong araw bago siya hinarap ng Papa at habang siya ay papasok sa palasyo, si Haring Henry IV ay naglakad nang walang sapin sa paa at pagkatapos ay lumuhod sa kaniyang paanan. Nang makita ni Papa Gregory VII ang ginawa ng hari, kaniyang binawi ang kaparusahang pagtitiwalag sa kanya sa Simbahan.

Sa pamumuno ni Papa Gregory VII sa Simbahan, tinanggal niya ang karapatan ng hari na magtalaga ng sinumang pinuno ng simbahan pati na rin ang pagbili o pagbenta ng mga tanggapan sa simbahan na tinatawag na *simony*.

**Istruktura ng Roman Catholic Church**

Higit na maging maimpluwensiya ang Roman Catholic Church sa Kanlurang Europa dahil na rin sa kawalan ng makapangyarihang kaharian o imperyo. Samantala, ang Silangang Imperyong Roman kung saan naroon ang Greek Orthodox Church ay nagpapatuloy sa ilalim ng mga emperador ng Byzantine kung kaya't kontrolado ang kapangyarihan nito.

Katulad ng mga hari, ang Simbahang Katoliko ay mayroong *hierarchy* o pamunuan ng simbahan.

**Papa**

Ang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katoliko

Nakatira siya sa Vatican sa Rome

Siya ay itinuturing tagapagmana ni San Pedro Apostol, ang unang Obispo ng Rome

Mula pa noong ika-11 siglo, ang bawat Papa ay inihahalal panghabambuhay ng College of Cardinals

**Kardinal**

Tinatawag silang mga "Prinsipe ng Simbahan"

Sila ay mga obispo o arsobispo na itinalaga ng Papa upang maging tagapayo nito.

Sa kanilang hanay nagmumula ang papalit na papa kapag ito ay nagbitiw sa tungkulin o di kaya ay namatay. Ayon sa Third Council of the Lateran (1179), kinakailangan na mayroong 2/3 na boto ang makuha ng isang kardinal sa *Papal Conclave* para siya ay maging Papa.

**Arsobispo**

Ang bawat bansa ay hinahati sa mga lalawigang *ecclesiastical* o distritong panrelihiyon na kung tawagin ay diocese.

Pinamumunuan ito ng isang obispo.

Samantala, may mga mahahalagang diocese na kung tawagin ay *archdiocese* at pinamumunuan ito ng arsobispo.

Nananahan sa katedral ang isang obispo o arsobispo dahil nagmula ito sa salitang *cathedra* na nangangahulugang "trono".

Gumagawa sila ng mga tagubilin o *apostolic letter* sa kanilang nasasakupan at nag-oordina sila ng mga bagong pari.

**Pari**

Sila ang direktang namamahala sa mga lokal na pamayanan o parokya.

Sila ang gumagabay at naglilingkod sa mga taong mananampalataya na kung tawagin ay *laiko (layman).*

Sa kasalukuyan, may mga pari na nabibilang sa pangkat sekular o diocesan at mga pari na regular o mayroong orden na kinabibilangan.

Kasama sa istruktura ng Simbahang Katoliko ang mga lalaki at babaeng mas pinili na humiwalay sa kanilang kinagisnang buhay at pumasok sa mga *religious order*. Ang bawat order o orden ay namumuhay ayon sa mga natatanging hanay ng mga patakaran na kung tawagin ay *regula*. Samakatuwid, sila ay kilala rin sa tawag na mga paring regular. Ang mga miyembro nito ay nangangako ng tatlong bagay:

Ang mga kalalakihan ay kalimitang tinatawag na mga monghe (monk) at prayle (friar). Naninirahan sila sa mga gusaling tinatawag na monasteryo. Ilan sa mga tanyag na monasteryo ay:

| **Poverty (Kahirapan)** | **Chastity (Kalinisang-puri)** | **Obedience (Pagkamasunurin)** |
|---|---|---|
| Mamumuhay sila ng payak at hindi magmamay-ari ng mga makamundong bagay | Hindi kailanman dudungisan ang kanilang puri at hindi mag-aasawa | Pagtalima sa mga nakatataas na opisyal ng Simbahan at sa Diyos |

- ❑ Monasteryo ng Monte Cassino sa Italy na itinatag ni St. Benedict;
- ❑ Monasteryo ng Iona sa Ireland na itinatag ni St. Columba; at
- ❑ Monasteryo ng Cluny sa Burgundy na itinatag ni St. Berno.

Ang pagkakatatag ng mga monasteryong nabanggit ay nagdulot sa pagsisimula ng kilusang pangrelihiyon na monastisismo. Ang monastisismo ay tumutukoy sa buhay ng pagtatanggi sa sarili (self-denial) at pamumuhay mag-isa o nakahiwalay sa nakararami upang ipagdasal ang kaligtasan ng kaluluwa ng tao.

Ilan sa mga mahahalagang orden na naitatag noong Gitnang Panahon:

| **Benedictines** | **Templars at Hospitalers** | **Franciscans at Dominicans** |
|---|---|---|
| •Naitatag ito noong ika-6 na siglo sa pamumuno ni St. Benedict<br>•Sila ang nagpasimula ng tatlong pangako na ginagamit pa rin ng mga relihiyoso sa kasalukuyan - poverty, chastity, at obedience.<br>•Maliban dito, ang kanilang buhay ay nakasentro sa pagdarasal at paggawa (ora et labora)<br>•Kinokopya nila nang mano-mano ang mga akda ng mga sinaunang Greek at Roman, tumutulong sa mga maysakit at nangangailangan at iba pang kawanggawa. | •Naitatag ito sa panahon ng Krusada<br>•Ito ang orden na pinaghalong monghe at kabalyero.<br>•Inaalagaan nila ang may sakit at sugatan at nakikipaglaban din sila sa mga Muslim upang muling mabawi ang Banal na Lupain. | •Naitatag ang mga orden na ito noong ika-13 siglo, una ni St. Francis ng Assisi at pangalawa ni St. Dominic de Guzman.<br>•Binubuo ito ng mga prayleng palipat-lipat ng lugar upang manghingi ng limos (mendicant friars) at ipalaganap ang Kristiyanismo.<br>•Ang mga Franciscan ay sinasabing naglingkod sa mga mahihirap na tao, samantalang ang mga Dominican naman ay mga nakapag-aral at matataas na tao. |

Monghe ang tawag sa mga banal na kalalakihan na ang iba sa kanila ay kabilang sa mga maharlikang pamilya na mas pinili ang ganitong uri ng pamumuhay. Sila ay tuwirang nasa ilalim lamang ng kontrol at pangangasiwa ng Abbot, ang pinakamataas na opisyal ng monasteryo at ng Papa.

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang salik na nakatulong sa paglawak ng kapangyarihan ng Kapapahan?
2. Paano pinalawak ng Simbahang Katoliko ang Kristiyanismo sa Europa?
3. Paano mo mapapangalagaan at mapapalaganap ang relihiyon o paniniwala na kinagisnan?

**Ang Mga Krusada**

Habang marami ang nagaganap sa Europa, mayroong malaking pangyayari ang naganap sa Asya na ikinagulat ng mga Kristiyano sa Europa, ang pagbagsak ng Banal na Lupain sa kamay ng mga Turkong Muslim partikular na ang sinasabing paglapastangan sa Banal na Libingan ni Hesus at pagpaslang sa mga Kristiyano roon.

Inilunsad ang isang ekspedisyong militar na binubuo ng mga Kristiyanong kabalyero upang mabawi ang Banal na Lupain sa kamay ng mga Muslim at nakilala ito sa kasaysayan bilang krusada.

Ang salitang *crusade* ay nagmula sa salitang Latin na "crux" na nangangahulugang "cross". Ibig sabihin, ang mga Krusador ay nagtataglay ng simbolo ng Krus sa kanilang kasuotan. Sa kabuuan, mayroong siyam (9) na krusada ang nailunsad mula 1095 hanggang 1291.

**Mga Pangunahing Krusada**

- Unang Krusada (1095-1099)
- Ikalawang Krusada (1147-1149)
- Ikatlong Krusada (1189-1192)
- Ikaapat na Krusada (1202-1204)

**Mga Maliliit na Krusada**

- Krusada ng mga Bata (1212)
- Ikalimang Krusada (1217-1221)
- Ikaanim na Krusada (1228-1229)
- Ikapitong Krusada (1248-1250)
- Ikawalong Krusada (1270-1291)

**Unang Krusada (1095-1099)**

Inilunsad ang Unang Krusada noong Nobyembre 25, 1095 sa pamamagitan ni Papa Urban II sa Clermont, France. Isinamo niya sa mga maharlika, kabalyero, monghe, at mga karaniwang tao ang pagnanais niyang maibalik sa kamay ng mga Kristiyano ang Banal na Lupain mula sa kamay ng mga Muslim. Ang panatikong si Peter, ang Ermitanyo ay naglibot sa bawat lungsod na nakabihis ng isang peregrino at may buhat-buhat na krus ay nangaral patungkol sa kaniyang nasaksihan sa Jerusalem, Israel.

Pagsapit ng tagsibol ng 1096, naglakbay ang may 300,000 *crusader* patungong Palestine. Binagtas nila ang kabundukan ng Balkan at mga disyerto ng Asia Minor hanggang sa matagumpay nilang nabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga Muslim. Kaagad nilang itinatag ang Kaharian ng Jerusalem at si Godfrey ng Bouillon, ang kauna-unahang hari nito.

**Ikalawang Krusada (1147-1149)**

Nailunsad naman ang ikalawang krusada mula sa pangangaral ni St. Bernard ng Clairvaux noong 1147. Pinamunuan ito nina Haring Louis VII ng France at Emperor Conrad II ng Germany. Maraming sagabal na naranasan ng pangkat, napagtagumpayan nila ang pagsakop ng Damascus, Syria. Subalit, sa kabuuan ay isa itong bigong krusada.

**Ikatlong Krusada (1189-1192)**

Noong 1187 sinakop ni Saladin ang Jerusalem at paglipas ng dalawang taon lahat ng Crusader States ay bumagsak sa mga kamay ng mga Turkong Muslim. Tinugon ito ng Ikatlong Krusada na pinangunahan nina Haring Richard I "the Lion-Hearted" ng England, Haring Philip Augustus ng France, at Emperador Frederick Barbarossa ng Banal na Imperyong Romano. Tinawag ang krusadang ito na "Krusada ng mga Hari". Ito ay inilunsad noong 1189 upang bawiin ang Jerusalem.

Si Richard I lamang ang humarap kay Saladin. Si Frederick ay nalunod habang tumatawid sa isang ilog sa Asia Minor at si Philip naman ay bumalik sa France dahil nag-away sila ni Richard. Sa kahuli-hulihan nagkasundo sila Richard I at Saladin na itigil ang labanan. Sa loob ng tatlong taon malayang nakapaglakbay sa Jerusalem ang mga Kristiyano at binigyan pa sila ng maliit na lupain malapit sa baybayin.

**Ikaapat na Krusada (1202-1204)**

Noong 1202 inilunsad ang Ikaapat na Krusada sa panawagan ni Papa Innocent III. Ang krusadang ito ay naging isang iskandalo. Ang mga krusador ay hinikayat ng mga mangangalakal ng Venice na agawin ang Kristiyanong bayan ng Zara, ang karibal nila sa kalakalan at komersiyo sa Constantinople. Nagalit ang Papa sa ginawa nilang ito kaya sila ay idineklarang *excommunicado* ngunit nagpatuloy pa rin sa pangdarambong ang mga krusador hanggang sa Constantinople kung saan nagtayo sila ng sariling pamahalaan.

Napatalsik sila sa Constantinople noong 1261 at muling naibalik ang Imperyong Byzantine. Subalit nagsimulang humina ang krusada nang mapasakamay ng mga Muslim ang Acre, ang huling kutang Kristiyano.

**Krusada ng mga Bata**

Noong 1212 pinangunahan ni Stephen ng Cloyes ang Krusada ng mga Bata. Siya ay isang French at labindalawang taong gulang lamang. Siya ay naniwala na tinawag ni Kristo na mamuno ng krusada. Libo-libong mga bata ang sumunod sa kaniya ngunit karamihan sa kanila ay nagkasakit, nasawi sa karagatan at ang iba ay ipinagbili bilang alipin sa Alexandria. Sinasabing ang krusadang ito ay hindi opisyal na inilunsad ng Papa ng Rome.

**Resulta ng Krusada**

Nasundan pa ng ibang krusada noong 1217, 1228, 1248, at 1270 ngunit pawang bigo ang mga ito na mabawi ang Banal na Lupain sa kamay ng mga Turkong Muslim maliban sa Unang Krusada. Nahawakan nila ang Jerusalem sa loob ng isang daang taon at pagkatapos muli itong naagaw ng Turkong Muslim.

Kung mayroon mang magandang bunga ang Krusada, ito ay sa larangan ng kalakalan na nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan. Napalawak din ang kulturang Kristiyano.

Samantala, ibinunyag ng krusada ang tunay na mga hangarin ng mga sumali sa gawaing ito. Ang pagkakataong makapaglakbay at mangalakal, at hindi pagmamalasakit sa simbahan ang naging dahilan sa pagsama sa banal na laban.

**Mga Pamprosesong Tanong:**


1. Ano ang kahulugan ng salitang krusada?
2. Bakit nailunsad ang mga krusada?
3. Bakit hindi naging matagumpay ang mga krusada?
4. Ano ang bunga o magandang naidulot ng Krusada?



# *Pagyamanin*


**Gawain 3: Kahon ng Kaalaman**

**Panuto:** Isa-isahin ang mga salik na nakatulong sa paglakas ng kapangyarihan ng Papa sa Europa at bigyan ng maikling paliwanag ang bawat isa. Gawin ito sa sagutang papel.




**Gawain 4:** ***Transition Tree***

**Panuto:** Punan ang transition tree ng mahahalagang pangyayaring nagbigay-daan sa pagkakabuo ng Holy Roman Empire. Gawin ito sa sagutang papel.




**Gawain 5:** ***Data Retrieval Chart***

**Panuto:** Matapos mabasa ang teksto tungkol sa Krusada, punan ng hinihinging impormasyon ang tsart sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

| **Mga Krusada sa Gitnang Panahon** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Krusada | Taon | Mga Pinuno | Mahahalagang Pangyayari | Resulta |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| Kabuuang Resulta | | | | |

**Gawain 6: Piramide ng Katungkulan**

**Panuto:** Matapos mabasa ang teksto tungkol sa Piyudalismo, isulat sa piramide ang pangkat ng tao sa lipunan batay sa kanilang antas at ibigay ang mga pananagutan at tungkulin ng bawat isa. Gawin ito sa sagutang papel.



# Isaisip

**Gawain 7:** ***3-2-1 Chart***

**Panuto:** Punan ang chart ng hinihinging impormasyon ayon sa natutuhan mo sa mga binasang teksto. Gawin ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| **3** | Konsepto o kaalaman na aking natutuhan tungkol sa paglakas ng Simbahang Katoliko |
| | 1. |
| | 2. |
| | 3. |
| **2** | Konsepto o kaalaman na hindi ko gaanong naunawaan tungkol sa Piyudalismo |
| | 1. |
| | 2. |
| **1** | Tanong na nais ko pang bigyang linaw tungkol sa Krusada |
| | 1. |

# Isagawa

**Gawain 8: Talaan ng Kaalaman**

Panuto: Batay sa binasang aralin tungkol sa mga pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon, sagutan ang mga tanong sa sagutang papel.

Mga Pangyayaring Nagbigay-daan sa Pag-usbong ng Europa sa Gitnang Panahon

| | |
|---|---|
| Paano nagkakatulad ang papel na ginagampanan ng Simbahan sa kasalukuyan sa gampanin nito noong Gitnang Panahon? Ipaliwanag. | Sa kasalukuyan, masasabi pa bang may matibay na ugnayan ang pamahalaan at simbahan? Patunayan. |
| Sa kasalukuyan, anong pangyayari o isyu ang maikukumpara sa naganap na krusada noong Gitnang Panahon? Ipaliwanag. | Sa kasalukuyan, ano-ano ang kahalagahan ng lupa sa ating lipunan? Patunayan. |



# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Alin ang naglalarawan sa mga serf?
   A. Kinilala sila bilang natatanging sektor sa lipunan.
   B. Sila ang bumubuo sa masa ng tao noong Gitnang Panahon.
   C. Napaunlad nila nang malaya ang kanilang pamumuhay at pamilya.
   D. Mayroon silang karapatan at kalayaang bumuo ng sariling pamilya.

2. Ano ang pangunahing hangarin ng ekpedisyong militar na inilunsad ng mga Kristiyano sa Europa na kung tawagin ay krusada?
   A. Mapalawak ang teritoryo ng mga Kristiyano.
   B. Mapalakas ang kalakalan ng mga bansang Europeo.
   C. Mabawi sa kamay ng mga Turkong Muslim ang Jerusalem.
   D. Mapalawak ang kapangyarihan ng Simbahang Katoliko sa teritoryo ng mga Muslim.

3. Ano ang dahilan sa pag-iral ng Sistemang Piyudalismo sa Gitnang Panahon?
   A. pagsalakay ng mga barbaro
   B. pagbasak ng Imperyong Roman
   C. paglakas ng Simbahang Katoliko
   D. paghina ng Banal na Imperyong Roman

4. Ano ang tawag sa lupang ipinagkakaloob ng hari sa kanyang vassal?
   A. dowry C. homage
   B. fief D. manor

5. Kung ang diocese ay pinamumunuan ng Obispo, sino naman ang namamahala sa parokya?
   A. Arsobispo C. Kura Paroko
   B. Kardinal D. Papa

6. Sino ang kauna-unahang naging emperador ng Banal na Imperyong Roman na hinirang ni Papa Leo III noong 800 CE?
   A. Charlemagne C. Clovis
   B. Charles Martel D. Pepin the Short

7. Sinong emperador ang nagpatupad ng Edict of Milan na nagpahinto sa pag-uusig sa mga Kristiyano at nagbigay pahintulot sa Kristiyanismo at iba pang relihiyon sa Imperyong Roman?
   A. Charlemagne C. Justinian I
   B. Constantine I D. Theodosius I

8. Sino ang kinilalang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katoliko sa Gitnang Panahon?
   A. Kardinal
   B. Hari
   C. Papa
   D. Pari

9. Saan nakabatay ang Sistemang Manor?
   A. Pagbebenta
   B. Pangangalakal
   C. Pangingisda
   D. Pagsasaka

10. Anong krusada ang tinaguriang “Krusada ng mga Hari” na pinamunuan ng mga hari ng Banal na Imperyong Roman, France at England?
   A. Unang Krusada
   B. Ikalawang Krusada
   C. Ikatlong Krusada
   D. Ikaapat na Krusada

11. Anong institusyon ang bukod tanging hindi pinakialaman ng mga barbaro sa kanilang pagwasak sa Imperyong Roman?
   A. Manoryalismo
   B. Pamahalan
   C. Piyudalismo
   D. Simbahan

12. Alin ang hindi kabilang sa mga dahilan ng paglakas ng Kapapahan sa Europa noong Gitnang Panahon?
   A. pagbagsak ng Imperyong Roman
   B. paglakas ng Banal na Imperyong Roman
   C. pagkakatatag ng mga monasteryo at orden
   D. pagkabuo ng isang matatag at mabisang organisasyong ng simbahan

13. Sinong Papa (Pope) ang nag-alis ng kapangyarihan sa mga hari na magtalaga ng mga opisyal ng simbahan tulad ng Obispo?
   A. Gregory I
   B. Gregory VII
   C. Leo I
   D. Urban I

14. Anong sistemang pang-ekonomiya ang umiral noong Gitnang Panahon sa Europa?
   A. Kapitalismo
   B. Komunismo
   C. Manoryalismo
   D. Merkantilismo

15. Sino ang pinakamataas na namumuno sa isang monasteryo?
   A. Abbot
   B. Archbishop
   C. Patriarch
   D. Pope

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 9:** ***Medieval Diorama***

**Panuto:** Gumawa ng isang dayorama na magpapakita sa mga pangyayaring naganap sa Europa sa Gitnang Panahon. Pumili lamang ng isa sa sumusunod:

- Paglakas ng Simbahan bilang isang Institusyon sa Gitnang Panahon
- Pagsilang ng Holy Roman Empire
- Paglunsad ng mga Krusada
- Ang Buhay sa Europa Noong Gitnang Panahon (Piyudalismo, Manoryalismo)

| **Rubrik sa Pagmamarka ng Medieval Diorama** | | | | | **Puntos** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Napakahusay (20 puntos)** | **Mahusay (15 puntos)** | **Katamtaman (10 puntos)** | **Kailangan pang pagbutihin (5 puntos)** | |
| Pagiging Malikhalin | Panay *recycled* at murang kagamitan ang ginamit. | Maraming recycled at murang kagamitan ang ginamit. | Kaunti lamang ang recycled at murang kagamitan ang ginamit. | Hindi gumamit ng recycled at murang kagamitan ang ginamit. | |
| Pagkakaayos | Lubhang maayos ang pagkakaayos ng mga bagay sa dayorama. | May ilang bagay na hindi nakalagay nang maayos sa dayorama. | Di-gaanong maayos ang pagkakalagay ng mga gamit sa dayorama. | Hindi maayos ang mga bagay na nakikita sa dayorama. | |
| Nilalaman | Lubhang malinaw at epektibo ang nilalaman. | Malinaw at epektibo ang nilalaman. | Malinaw ngunit hindi epektibo ang nilalaman. | Hindi malinaw at hindi epektibo ang nilalaman. | |
| Kalinisan | Napakalinis ng pagkakabuo ng dayorama. | Malinis ang pagkakabuo ng dayorama. | Di-gaanong malinis ang pagkakabuo ng dayorama. | Marumi ang pagkakabuo ng dayorama. | |
| | | | | **Kabuuang Puntos** | |


# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. C | 11. B |
| 2. C | 7. D | 12. C |
| 3. C | 8. B | 13. B |
| 4. A | 9. D | 14. A |
| 5. C | 10. B | 15. D |

**Balikan**

**Gawain 1:** ***Crossword Puzzle***



**Suriin**
**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang dahilan ng pagbagsak ng Imperyong Roman?
Ilan sa mga dahilan ng pagbasak ng imperyo ay:

Pulitikal
- Kalimitan sa pamahalaan ng imperyo ay tiwali, hindi maasahan, at hindi nila makuha ang tiwala ng taongbayan.
- Dahil sa laki at lawak ng imperyo, hindi naaabot ang mga iba pang mga sentrong lungsod dahil na rin sa sinaunang sistema ng transportasyon at komunikasyon.
- Ang tunggalian sa kung sino ang papalit sa trono ay kalimitang nagdudulot ng mapaminsalang digmaang sibil.

Ekonomiya
- Ang mga maliliit na magsasaka ay iniwan ang kanilang mga lupain upang manilbihan sa mga malalaking lupain.
- Dahil sa kakayahan ng mga malalaking lupain na ibigay ang pangangailangan ng lahat ng taong naninirahan at nagtatrabaho dito, nakasagabal ito sa kalakalan at industriya kung kaya't nagdulot ng pagbaba ng ekonomiya ng imperyo.
- Ang mabibigat na buwis na ipinapataw sa mga tao, kalimitan ay hindi makatwiran.
- Malawakang paggamit ng mga alipin sa mga industriya at agrikultura at nagdulot ng pagkawala ng trabaho ng malaking bilang ng mga plebeian.

Panlipunan
- Ang mabuhay at makatikim ng luho ang kalimitang interes ng mga Roman. Bumagsak din ang moralidad ng mga tao.
- Pagkakaroon ng malaking agwat sa paghahati ng tao sa lipunan. Ang mga patrician ay mayayaman at nakapag-aral, samantala, ang mga plebeian ay mahihirap at walang alam.
- Kung dati, ang mga lungsod ay sentro ng kultura at industriya, bumaba ang populasyon nito dahil sa paglipat ng mga tao sa kanayunan.

Militar
- Napasok ng mga bayarang tao (Germanic mercenaries) ang hukbo ng Rome kung kaya't naging kaduda-duda ang kanilang katapatan.
- Mas ninanais ng mga hukbo na panigan ang emperador at magpasiya sa mga patakaran ng pamahalaan.

**Tuklasin**
**Gawain 2: Tula-Suri**

1. Anong ang ipinapahiwatig tula?
   - Ipinapahiwatig ng tula aytungkol sa mga naganap na mga pangyayri sa Europe noong Gitnang panahon.
2. Ano-anong mahahalagang pangyayari ang nabanggit sa tula?
   - Ang mga impormasyong makukuha sa tula ay tungkol sa pagbagsak ng Imperyong Roman sa kamay ng mga barbaro, ang naging gampanin ng simbahan, tungkol sa unang pinuno ng Banal na Imperyong Roman na si Charlemagne, pagkakatatag ng piyudalismo at manoryalismo.
3. Alin sa mga pangyayaring ito ang maaaring maiugnay mo sa kasalukuyang panahon?
   - Katulad ng pananalakay ng mga barbarong Goth sa Imperyong Roman, ang Pilipinas lalo na sa Marawi City ay nakaranas ng pananalakay ng mga hinihinalang terorista na may kaugnayan sa Islamic State of Iraq and Syria (ISIL) Ngunit hindi tulad ng mga Goth na naging matagumpay ang pananakop, ang mga hinihinalang ISIS ay buong pwersang hinarap ng hukbong militar ng Pilipinas hanggang sa ito ay natalo.

**Suriin**
**Mga Pamprosesong Tanong:**

2. Bakit sinasabing ang pagbagsak ng Imperyong Roman ang isa sa mga dahilan ng paglakas ng Simbahang Katoliko?
   - Ang pagbagsak ng Imperyong Roman sa kamay ng mga barbaro ay nagbigay daan sa paglakas ng simbahan. Nakumbinsi ng simbahan ang mga barbaro na maging tunay na mga kapanalig ng pari at nahikayat silang binyagan bilang mga Kristiyano. Ang simbahan din ang naging kanlungan ng mga ordinaryong Europeo sa panahon ng kaguluhan at karalitaan.

3. Bakit ang Dinastiyang Carolingian ang kinilala bilang tagapagmana ng Imperyong Roman?
   - Ang Dinastiyang Carolingian ang kinilalang tagapagmana ng Imperyong Roman dahil sila ay mula sa pangkat ng mga barbarong lumusob sa Gaul, ang mga Franks. Sinasabing ang pagsisimula ng tinatawag na Holy Roman Empire ay nagmula sa kamay ng mga Franks at ang unang emperador na si Charlemangne ay kabilang sa Dinastiyang Carolingian.

**Politika (Piyudalismo)**
**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Ano ang ibig sabihin ng Piyudalismo?
   - Ang Piyudalismo ay nagmula sa salitang Latin na feudum, ibig sabihin ay pagbibigay ng lupain o fief sa mga nasasakupan. Ito rin ay isang sistemang sosyo-ekonomikal at pulitiko-militar na sagot sa pangangailangan sa maaaring mamuno sa mga tao sa panahon ng kaguluhan.

2. Bakit umusbong ang sistemang ito?
   - May mga dahilan kung bakit umusbong ang ganitong sistema;
     - Mahinang pamhalaang sentral- Hindi nagampanan ng mga pamahalaang sentral na mabigyan ng proteksyon ang kaniyang nasasakupan sa mga pananakop at lokal na kaguluhan. Ang mga maliliit na magsasaka at isinuko ang kanilang mga lupain sa mga makapangyarihang maharlika kapalit ang pangakong magbibigay ito sa kanila ng proteksyon.
     - Patakaran sa lupa ng mga hari- Bilang kapalit sa pagbibigay ng tulong militar, ang mga hari ay nagbibigay ng mga lupain sa mga mahahalagang maharlika. Sa pangyayaring ito, lalong lumakas ang kapangyarihang ng mga maharlika.

**Ekonomiya (Manoryalismo)**
**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Ano ang nagbigay daan sa pagkakalunsad ng Sistemang Manoyalismo sa Europe?
   - Ang Manoryalismo ay ang pang-ekonomiyang katapat ng piyudalismo. Ang sistemang ito ay gumagabay sa paraan ng pagsasaka at ang ugnayan ng panginoong may lupa at magsasaka. Nabuo ang sistemang manorial sa panahong ang mga bayan sa Europe ay kakaunti at maliliit pa. Dahil nahinto ang kalakalan sa iba't ibang bahagi ng Imperyong Roman, ang malaking bahagi ng populasyon ng kanlurang Europe ay umaasa sa mga manor ng maharlika.

2. Paano mo mailalarawan ang lipunan sa ilalim ng Sistemang Manoryalismo?
   - Ang lipunan sa Sistemang Manoryalismo ay nakabatay sa sa pagsasa sa loob ng manor. Sa pagsasaka umaasa ng ikinabubuhay ang mga naninirahan dito. Ang panginoong may lupa ay sa pagsasaka din kumukuha o umaasa ng kanyang kayamanan.

3. Gaano kahalaga ang pagsasaka sa pagpapanatili ng kaayusan sa loob ng manor?
   - Ang pagsasaka ang batayan ng Sistemang Manor. Ito ang ikinabubuhay ng mga tao kaya maihahalintulad ito sa isang pamayanan. Ang kanilang mga pangangailangan ay nakapaloob na sa manor. Ibig sabihin may kakayahang makapgasarili ang isang manor.

4. Bakit mahalaga ang pagsasaka o agrikultura sa pagtataguyod ng bansa sa kasalukuyan?
   - Mahalagang pagtuunan ng pansin ang agrikultura dahil dito nagmumula ang mga pagkain na tumutugon sa pangangailangang ng mga mamamayan.

**Suriin**
**Mga Pamprosesong Tanong:**

**Sosyo-kultural (Paglakas ng Simbahang Katoliko)**

1. Ano-ano ang mga salik na nakatulong sa paglawak ng kapangyarihan ng Kapapahan?
    - Ang mga salik na nakatulong sa paglawak ng kapangyarihan ng Kapapahan ay ang pagbagsak ng Imperyong Romano, matatag at mabisang organisasyon ng simbahan na pakikita sa istruktura nito, pamumuno ng mga papa sa simbahan, at pag-usbong ng mga monasteryo at mga orden.

2. Paano pinalawak ng Simbahang Katoliko ang Kristiyanismo sa Europe?
    - Napalawak ng Simbahang Katoliko ang Kristyanismo sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga misyonero sa iba't ibang panig ng Europe.

3. Paano mo mapapangalagaan at mapapalaganap ang relihiyon o paniniwalang kinagisnan?
    - Bilang isang Kristiyano mapapangalagaan ko at mapapalaganap ang aking paniniwalang kinagisnan sa simpleng paraan tulad ng pagsisimba, pagbabasa ng Bibliya at pagpapalaganap sa ebanghelyo.

**Sosyo-kultural (Krusada)**
**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Ano ang kahulugan ng salitang krusada?
    - Ang salitang krusada ay nagmula sa salitang Latin na “crux” na nangangahulugnag “cross”. Ibig sabihin, ang mga krusador ay nagtataglay ng simbolo ng krus sa kanilang kasuotan. Ibig sabihin, Ang Krusada ay isang isang ekspedisyong militar ng mga Kristiyanong Europeo laban sa mga Turkong Muslim.

2. Bakit nalunsad ang mga krusada?
    - Ito ay nailunsad dahil sa panawagan ni Papa Urban II na bawiin ang Banal na Lupain, ang Jerusalem, sa mga kamay ng mga Turkong Muslim.

3. Bakit hindi naging matagumpay ang mga na krusada?
    - Hindi naging matagumpay ang mga inilunsad na mga krusada maliban sa Unang Krusada dahil ang mga kasali dito ay nagkaroon ng ibang hangarin. Tulad sa naganap sa Ikaapat na Krusada na higit na pinagtuunan ang pag-agaw sa Zara na isang Kristiyanong bayan dahil sa kompetisyon sa kalakalan. Maliban dito, hindi naging madali para sa mga krusador ang pakikipaglaban sa mga Muslim sa pamumuno ni Saladin.

4. Ano ang magandang naidulot ng krusada?
    - Ang magandang naidulot ng krusada ay sa larangan ng kalakalan na nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan. Napalawak din ang kulturang Kristiyanismo.

**Pagyamanin**
**Gawain 4: *Transition Tree***

**Bakit Holy Roman Empire ang itinawag sa imperyo pagkatapos bumagsak ang Imperyong Romano?**

Sapagkat ang imperyong ito ay may basbas at gabay ng Papa. Ang mga emperador ay kinakoronahan ng isang papa bago ang kanyang panunungkulan sa imperyo.

**Ano ang kanyang nagawa sa pagkatatag ng *Holy Roman Empire*?**
Inanyayahan niya ang iba't ibang iskolar sa Europe upang turuan at sanayin ang mga pari at opisyal ng pamahalaan. Sinakop niya ang Lombard, Muslim, Bavarian at Saxon at ginawang mga Kristiyano.

**Paano nagsimula ang Holy Roman Empire?**

Nagsimula ang imperyo ng kinoronahan si Chalemagne bilang emperadpr ng Holy Roman Empire ni Papa Lelo III. Si Charlemagne ay mula sa pamilyang Carolingian.

**Sino ang pinakamahalagang karakter sa pagkatatag ng Holy Roman Empire?**

Si Charlemagne

**Bakit siya ang pinakamahalaga sa pagkatatag ng Holy Roman Empire?**

Dahil si Charlemagne ay maraming nagawa bilang isa sa pinakamagaling na hari sa Gitnang Panahon. Siya ang unang emperador ng Holy Roman Empire.

**Holy Roman Empire**

**Pagyamanin**
**Gawain 3: Kahon ng Kaalaman**

Mga Salik sa Paglakas ng Kapangyarihan ng Kapapahan

**Pagbagsak ng Imperyong Roman**
Ang pagbagsak ng Imperyong Roman sa kamay ng mga barbarong Goth ay nagbigay daan sa paglakas ng simbahan. Nakumbinsi ng simbahan ang mga barbaro na maging tunay na mga kapanalig ng pari at nahikayat silang binyagan bilang mga Kristiyano.

**Pamumuno sa Simbahan**
Nakatulong sa pagpapalakas ng pundasyon ng Simbahang Katoliko Romano at Kapapahan ang maraming mga naging pinuno nito tulad nina Papa Leo the Great, Papa Gregory, Papa Gregory VII at iba pa.

**Pagkabuo ng isang Matatag at Mabisang Organisasyon ng Simbahan**
Sa pagsisimula ng simbahan, tanging mga ordinaryong mamamayan lamang ang namumuno hanggang lumitaw ang mga pari at hirarkiya. Sa hirarkiya ng Simbahang Katoliko, ang papa ang pinakamataas na pinuno at ang mga pari naman ang namamahala sa mga parokya. Pinangangasiwaan nila ang mga gawaing pangkabuhayan, pang-edukasyon at pagkawanggawa ng simbahan.

**Pagkakatatag ng mga monasteryo at orden**
Ang pagkakatatag ng mga monasteryo ay nagdulot sa pagsisimula ng kilusang pangrelihiyon na monastisismo. Ang mga orden naman tulad ng Benedictines, Templars at Hospitalers, at Franciscans at Dominicans ay may mga ambag tulad ng mano-manong pagkopya sa mga sinaunang Greek at Roman, pagtulong sa mga nangangailangan, maysakit at pakikipagkawanggawa.

**Pagyamanin**
**Gawain 5:** ***Data Retrieval Chart***

| Mga Krusada sa Gitnang Panahon | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Krusada | Taon | Mga Pinuno | Mahahalagang Pangyayari | Resulta |
| Unang Krusada | (1095-1099) | Godfrey ng Bouillon | Inilunsad ang Unang Krusada noong Nobyembre 25, 1095 sa pamamagitan ni Papa Urban II sa Clermont, France. Si Peter ang Ermitanyo ay naglibot sa bawat lungsod at nangaral patungkol sa kanyang nasaksihan sa Jerusalem. Si Godfrey ng Bouillon ay isa rin sa mga nanguna sa pagbawi sa Jerusalem noong 1096. | Matagumpay nilang nabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga Muslim. Kaagad nilang itinatag ang Kaharian ng Jerusalem at si Godfrey ng Bouillon ang kauna-unahang hari nito. |
| Ikalawang krusada | (1147-1149) | St. Bernard ng Clairvaux, HaringLuis VII ng France at Emperor Conrad III ng Germany | Maraming sagabal na naranasan ang pangkat sa landas nila pagpunta sa Silangan. | Nag tagumpay sila sa pagsakop sa Damascus. |
| Ikatatlong Krusada | (1189-1192) | Haring Richard I “the Lionhearted” ng England, Haring Philip Augustus ng France, at Emperador Frederick Barbarossa ng Banal na Imperyong Romano. | Si Richard I lamang ang humarap kay Saladin. Si Frederick ay nalunod habang tumatawid sa isang ilog sa Asia Minor at si Philip naman ay bumalik sa France dahil nag-away sila ni Richard. | Sa kahuli-hulihan nagkasundo sila Richard I at Saladin na itigil ang labanan. Sa loob ng tatlong taon malayang nakapaglakbay sa Jerusalem ang mga Kristiyano at binigyan pa sila ng maliit na lupain malapit sa baybayin |
| Pang-apat na krusada | (1202-1204) | | Ang mga krusador ay hinikayat ng mga mangangalakal ng Venice na agawin ang Kristiyanong bayan ng Zara, ang karibal nila sa kalakalan at komersiyo sa Constantinople. Nagalit ang Papa sa ginawa nilang ito kaya sila ay idineklarang excomunicado ngunit nagpatuloy pa rin sa pangdarambong ang mga krusador hanggang sa Constantinople kung saan nagtayo sila ng sariling pamahalaan. Napatalsik sila sa Constantinople noong 1261 at muling naibalik ang Imperyong Byzantine | Naging iskandalo ang ika-apat na krusada. |

**Kabuuang Resulta:**

Nasundan pa ng ibang krusada noong 1217, 1228, 1248 at 1270 ngunit pawang bigo ang mga ito na mabawi ang Banal na Lupain sa kamay ng mga Turkong Muslim maliban sa Unang Krusada. Nahawakan nila ang Jerusalem sa loob ng isang daang taon at pagkatapos muli itong naagaw ng Turkong Muslim.


Kung mayroon mang magandang bunga ang Krusada, ito ay sa larangan ng kalakalan na nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan. Napalawak din ang kulturang Kristiyano.

Samantala, ibinunyag ng krusada ang tunay na mga hangarin ng mga sumali sa gawaing ito. Ang pagkakataong makapaglakbay at mangalakal, at hindi pagmamalasakit sa simbahan ang naging dahilan sa pagsama sa banal na laban.

**Isaisip**
**Gawain 7:** ***3-2-1 Chart***

| | |
|---|---|
| **3** | Konsepto o kaalaman na aking natutuhan tungkol sa paglakas ng Simbahang Katoliko |
| | 1. Nakatulong sa paglakas ng simbahan ang mga naging pinuno tulad nina Papa Leo the Great, Papa Gregory I at Papa Gregory VII |
| | 2. Ang hirarkiya ng pamamahala sa Simbahang Katoliko na pinangunahan ng Papa |
| | 3. Ang mahalagang papel ng simbahan sa buhay ng mga tao sa Gitnang Panahon. |
| **2** | Konsepto o kaalaman na hindi ko gaanong naunawaan tungkol sa Piyudalismo |
| | 1. Ang pagsisimula ng piyudalismo dahil sa pagkakahati sa Banal na Imperyong Roman |
| | 2. Ang pagmamay-ari ng lupa bilang batayan ng kapangyarihan |
| **1** | Tanong na nais ko pang mabigyan ng linaw tungkol sa Krusada |
| | 1. Bakit hindi naging matagumpay ang inilunsad na mga krusada? |

**Pagyamanin**
**Gawain 6: Piramide ng Katungkulan**



**Karagdagang Gawain**
**Gawain 9: *Medieval Diorama***

** Maaring magkakaiba ang bawat Medieval Diorama depende sa napiling paksa ng mag-aaral. Gawing gabay ang rubrik sa pagbibigay marka.*

**Tayahin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. A | 11. D |
| 2. C | 7. B | 12. B |
| 3. D | 8. C | 13. B |
| 4. B | 9. D | 14. C |
| 5. C | 10. C | 15. A |

**Isagawa**
**Gawain 8: Talaan ng Kaalaman**

| | |
|---|---|
| Paano nagkakatulad ang papel na ginagampanan ng Simbahan sa kasalukuyan sa gampanin nito noong Gitnang Panahon? Ipaliwanag.<br><br>Parehong ipinapalaganap ang mga aral ng Diyos at nagsasagawa pa rin ng mga mapagkawanggawang gawain. | Sa kasalukuyan, masasabi pa bang may matibay na ugnayan ang pamahalaan at simbahan? Patunayan.<br><br>Sa panahon ngayon hindi na natin masasabi na matibay talaga ang ugnayan ng simbahan at pamahalaan dahil mayroong pagpapasya ang pamahalaan na hindi sang-ayon ang simbahan gaya nalang ng giyera kontra droga na sinasabing naging sanhi nang *extra judicial killings* at ang isinusulong na paggamit ng mga *contraceptives*. |
| Sa kasalukuyan, anong pangyayari ang maikukumpara sa naganap na krusada noong Gitnang Panahon? Ipaliwanag.<br><br>Malaki ang kaibahan ng krusada noon sa ngayon sapagkat ang krusada noon ay pinagbubuwisan ng buhay at sa madugong pamamaraan. Samantala ang krusada sa kasalukuyan ay idinadaan sa mapayapang pamamaraan. Tulad na lamang ng tunggaliang Muslim at Kristiyano sa ngayon na idinadaan na sa diplomasya upang mabigyang solusyon ang ano mang problema. | Sa kasalukuyan, ano-ano ang kahalagahan ng lupa sa ating lipunan? Patunayan.<br><br>Napakahalaga ng lupa dahil ito ang pangunahing pinagkukunan ng yaman gaya ng pagkain at iba pa. Maraming mamamayan ang umaasa ng kanilang ikabubuhay sa lupa tulad ng mga magsasaka. |

# *Sanggunian*


Blakemore, Erin. 2021. *History.* Accessed May 28, 2020. https://www.history.com/news/the-disastrous-time-tens-of-thousands-of-children-tried-to-start-a-crusade.

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Department of Education. 1995. *Ang Simbahang Katoliko: Isang Makapangyarihang Institusyon sa Gitnang Panahon – Modyul 8.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

Department of Education. 1995. *Sistemang Piyudal sa Gitnang Panahon – Modyul 9.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

Gordon, Irving. 1979. *Definition of Feudalism. World History Review Text.* Second. New York: AMSCO School Publications, Inc.

Herrera el Mozo, Francisco de. "Saint Leo Magnus (Pope Leo I)". *Pope Leo I,* 19 August 2021. https://en.wikipedia.org/wiki/Pope_Leo_I

Khan Academy. 2021. *Lesson Summary: Early Christianity.* Accessed May 24, 2020. https://www.khanacademy.org/humanities/ap-world-history/ap-ancient-medieval/ap-christianity/a/early-christianity-lesson-summary.

Mateo, Grace Estela C., Rosita D. Tadena, Mary Dorothy dl. Jose, Celinia E. Balonso, Celestina P. Boncan, John N. Ponsaran and Jerome A. Ong. 2012. *Kasaysayan ng Daigdig: Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikatlong Taon.* Quezon City, Philippines: Vibal Publishing House, Inc.

n.d. "Pope Gelasius I". *Pople Gelasius I.* 19 August 2021. https://alchetron.com/cdn/pope-gelasius-i-166d994a-444b-4c0f-951f-8dc84a46b72-resize-750.jpeg

n.d. "Pope Gregory VII on the Investiture Controversy" *The Historical Oracle Blog.* August 19, 2021. https://thehistoricaloracleblog.files.wordpress.com/2016/11/gregory-vii.jpg

Oxford University Press. 2021. *Gregorian mission, Oxford Dictionary of National Biography.* Accessed May 28, 2020. https://www.oxforddnb.com/view/10.1093/ref:odnb/9780198614128.001.0001/odnb-9780198614128-e-93690.

Site Development: Midstream Marketing.*Third Lateran Council - 1179 A.D. Papal Encyclicals Online.* Accessed May 28, 2020. https://www.papalencyclicals.net/councils/ecum11.htm.

Vivar, Teofista L., Nieva J. Discipulo, Priscilla H. Rille, Zenaida M. de Leon. 2000. *Kasaysayan ng Daigdig: Batayang Aklat sa Ikatlong Taon*. Metro Manila, Philippines: SD Publications, Inc.

Viewer@EWTN. 2021. *Catholicism.* Accessed May 24, 2020. https://www.ewtn.com/catholicism/library/council-of-constantinople---st-damasus-i-constantinople-1455.

De Zurbaran, Francisco. "Saint Gregory". *N.d.* 19 August 2021. https://eu.wikipedia.org/wiki/Fitxategi:Francisco_de_Zurbar%C3%A1n_040.jpg

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph